

## Tumulong sa paghubog sa sistema ng pangangalaga ng bata ng Alberta

Enero 15, 2024

---

Ang mga magulang at mga tagapag-alaga ng Alberta ay hinihikayat na lumahok sa Pagsisiyasat sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang sa Maagang Pag-aaral at Pangangalaga ng Bata (Early Learning and Child Care Parent Engagement Survey) upang makatulong sa paghubog sa pangangalaga ng bata sa lalawigan.

Tumutulong ang pangangalaga ng bata na humimok sa pagbangon ng ekonomiya at lumilikha ng mga pagkakataon para sa mga pamilya, habang nagbibigay sa mga magulang ng kapayapaan ng isip na ligtas ang kanilang mga anak at mayroon sila ng kailangan nila upang umunlad.

Upang higit pang mapabuti ang sistema ng pangangalaga ng bata ng Alberta, simula sa Enero 15, inaanyayahan ang mga magulang na ibahagi ang kanilang mga saloobin sa kung ano ang tumutukoy sa mataas na kalidad na pangangalaga ng bata at ang mga serbisyong inaasahan nila mula sa mga nagpapatakbo ng pangangalaga ng bata sa pamamagitan ng online na pagsisiyasat. Makakatulong ang katugunang ito na ipaalam ang mga pagbabago sa hinaharap sa sistema ng pangangalaga ng bata.

"Nais ng mga magulang ang pinakamahasag para sa kanilang mga anak upang sila ay umunlad at magtagumpay. Ang kanilang impormasyon sa maagang pag-aaral at pangangalaga ng bata ay napakahalaga at nakakatulong sa pagtiyak na ang maagang pag-aaral at sistema ng pangangalaga ng bata ng Alberta ay parehong abot-kaya at nakakatugon sa magkakaibang mga pangangailangan ng mga pamilya."

*Searle Turton, Ministro ng mga Serbisyo sa mga Bata at Pamilya*

Ang pagsisiyasat ay tatakbo hanggang Pebrero 11 at ito ang pinakabagong hakbang sa paggawa ng sistema ng pangangalaga ng bata ng Alberta na mas abot-kaya at mas nakukuha sa ilalim ng Kasunduan ng Buong Canada-Alberta Canada sa Maagang pag-aaral at Pangangalaga ng Bata. Mula nang pumasok sa kasunduan, ang mga bayarin sa pangangalaga ng bata ay nabawasan ng average na higit sa 50 porsyento, na naglagay ng higit sa \$900 milyon – \$6,600 bawat bata bawat taon – pabalik sa mga bulsa ng mga magulang ng Alberta.

Isang kabuuang \$3.8 bilyon ang ipinupuhunan sa loob ng limang taon sa pamamagitan ng Kasunduan ng Buong Canada-Alberta Canada sa Maagang pag-aaral at Pangangalaga ng Bata

(Canada-Alberta Canada-Wide Early Learning and Child Care Agreement) upang bawasan ang mga bayarin sa pangangalaga ng bata upang lumikha ng isang mas nagagamit, abot-kaya, mataas na kalidad at inklusibong sistema ng pangangalaga ng bata. Noong Marso 2023, ang mga bayarin sa pangangalaga ng bata ay umabot sa karaniwang \$20 bawat araw sa Alberta at nasa tamang landas na umabot sa karaniwang \$10 bawat araw sa 2025-26. Mula nang pumasok sa kasunduan, mahigit 40,000 pang bata ang nagparehistro sa pangangalaga ng bata, at humigit-kumulang 20,000 mga bagong lisensyadong espasyo ang nalikha.

Ang mga sesyon ng pakikipag-ugnayan ay ginanap kamakailan sa buong lalawigan upang makakuha ng impormasyon mula sa mga nagpapatakbo na, kasama ng katugunan mula sa mga magulang at mga tagapag-alaga, ay makakatulong sa pagbuo ng bagong pormula ng pagpopondo sa maagang pag-aaral at pangangalaga ng bata at matiyak na ang mataas na kalidad na pangangalaga sa bata ay mananatiling isang opsyon para sa mga pamilya sa Alberta.

## Mabilis na mga katotohanan

- Ang pagsisiyasat ay makukuha sa walong mga wika, kabilang ang Ingles, Pranses, Espanyol, Punjabi, Tagalog, Pinasimpleng Tsino, Tradisyunal na Tsino at Ukrainian.

## Kaugnay na impormasyon

- [Pagsisiyasat sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang \(Parent Engagement Survey\)](#)
- [Gawad sa Paglikha ng Lugar \(Space Creation Grant\)](#)
- [Pampederal-panlalawigang kasunduan sa pangangalaga ng bata](#)

## Mga kaugnay na balita

- [Paggawa ng mas abot-kayang lisensyadong mga pang-araw na lugar sa bahay](#) (Pebrero 16, 2023)
- [Higit pang mga opsyon para sa abot-kaya, naa-akeses na mga lugar para sa pangangalaga ng bata](#) (Enero 31, 2023)